# *Pagninilay sa Aklat ng Ruth Yugto 9*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito na ating nasimulan sa pagninilay mula sa aklat ng Ruth.

***"1 At sinabi sa kaniya ni Noemi na kaniyang biyanan, Anak ko, hindi ba kita ihahanap ng kapahingahan, na ikabubuti mo? 2 At ngayo'y wala ba rito si Booz na ating kamaganak, na ang kaniyang mga alila ay siya mong kinasama? Narito, kaniyang pahahanginan ang sebada ngayong gabi sa giikan.3 Maligo ka nga, at magpahid ka ng langis, at magbihis ka at bumaba ka sa giikan: nguni't huwag kang pakilala sa lalake, hanggang siya'y makakain at makainom.4 At mangyayari, paghiga niya, na iyong tatandaan ang dakong kaniyang hihigaan, at ikaw ay papasok, at iyong alisan ng takip ang kaniyang mga paa, at mahiga ka; at sasabihin niya sa iyo kung ano ang iyong gagawin..5 At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng iyong sinasabi sa akin ay aking gagawin." (Ruth 3:1-5)***

***"1 At sinabi sa kaniya ni Noemi na kaniyang biyanan, Anak ko, hindi ba kita ihahanap ng kapahingahan, na ikabubuti mo?" (Ruth 3:1)*** Ang saloobing ito na dumating kay Noemi ay saloobin na mula sa Diyos, at tingnan ngayon kung paanong nanguna ang nakakatandang babae upang simulant ang gayong kahanga-hangang bagay mula sa Diyos upang hayaan si Ruth na magkaroon ng kanyang pamilya. Ito ay isang gantimpala para kay Ruth dahil nagtiyaga siya kasama ng Diyos at ng kanyang biyenang babae, at ngayon na ang panahon para siya ay gantimpalaan. Ang pag-aasawa at mga anak ay gantimpala mula sa Diyos. Si Ruth ay tumugon sa tawag ng Diyos, iniwan niya ang kanyang ama at ang kanyang ina at ang kanyang lupang tinubuan, at tinanggap ang Panginoon bilang kanyang Diyos at ginawa niya nang mabuti ang kanyang bahagi sa Diyos at sa kanyang biyenan.

- Patungo sa Diyos, Iningatan ni Ruth ang kanyang mabuting patotoo, siya ay desinte at namumuhay sa katuwiran, at hindi siya naghahabol sa mga lalaki. Sapagkat ang kanyang pamumuhay pinili niyang magtrabaho at kumita para sa kanyang ikabubuhay at hindi nakasasalalay sa iba o nanamantala sa kanila para sa kanyang pamumuhay.

- Patungo sa kanyang byenan siya naglakbay pabalik kasama niya, hindi niya siya iniwan, siya ay nagtrabaho at sinuportahan siya at binigyan niya ng pagkain, iginalang niya siya at iginalang ang lahat ng kanyang mga tagubilin at payo.

Ang pag-aasawa ay gantimpala patungo sa mga gumawa ng kanilang tungkulin nang maayos patungo sa Diyos o patungo sa mga tao. *Matuto ngayon mula sa buhay ni Ruth, tumugon sa tawag ng Diyos, at magtiyagang sumunod sa Diyos at sa mga taong itinalaga ng Diyos na kasama mo at pagpapalain ka Niya.

Ngayon ang tungkol sa pag-aasawa at paghahanda para sa MakaDiyos na pag-aasawa, si Ruth ay inihanda ng Panginoon para sa ganoong pagkakataon. Siya ay karapat-dapat para sa pag-aasawa sa pagiging isang balo, bata sa gulang at walang pananagutan sa mga anak na kailangan niyang pangalagaan. Handa sa materyal, mayroong minanang lupain mula sa panig kanyang namatay na asawa, maayos na naninirahan sa lugar na nais ng Diyos na manatili siya sa Bethlehem, mayroon siyang bahay na matitirahan, mayroon siyang trabaho at pinagkakakitaan para mabuhay, siya ay isang mananampalataya, isang tapat at reponsableng tao, namumuhay ng banal, ganap, at may pananagutan sa buhay. Dahil sa mga pamantayang iyan, siya ay angkop at handa na para sa pag-aasawa. Suriin ang iyong sarili kung ikaw ay handa na at handa sa pag-aasawa. Ikaw ba ay walang asawa o balo? Ikaw ba ay ganap na, responsable, at tapat patungo sa Diyos at sa tao? May lugar ka bang matitirahan, o minana o ipon? May trabaho ka ba o pinagkakakitaan? Ikaw ba ay isang mananampalataya at tagasunod ni Cristo? Sagutin ang mga tanong na ito at mula sa mga sagot malalaman mo kung ikaw ay handa na o hindi sa pag-aasawa.

Si Noemi ngayon, pagkatapos niyang sumunod sa Panginoon at bumalik sa Panginoon at sa lugar kung saan Niya nais manirahan, sa Bethlehem, Ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili at ipinahayag sa kanya ang buong plano ng pagpapanumbalik. Si Ruth ngayon ay naging anak niya gaya ng siya ay tinawag niyang ***"Anak ko"***, at nagsimula niyang makita ang possible ng Diyos na ibalik ang buhay ng buong pamilya sa pamamagitan ng buhay ni Ruth. Si Noemi ay nasa bahay at tiyak nagninilay at nagmumuni-muni sa kabutihan ng Diyos, at kung ano ang Kanyang ginawa sa pagbibigay sa kanya ng pagkain at sa lahat ng kanyang pangangailangan, bukod pa sa pagbibigay sa kanya ng isang anak na babae, na hindi nagdudulot sa kanya ng suliranin, at isang trabaho at sa tamang lugar ng isang lalaki na kamag-anak nila. Tiyak na ibinahagi niya kay Ruth ang inspirasyon ng Diyos sa kanya. Bago niya kausapin si Ruth, ipinakita sa kanya ng Diyos ang Kanyang magandang plano para sa buong pamilya na maibalik.

***"2 At ngayo'y wala ba rito si Booz na ating kamaganak, na ang kaniyang mga alila ay siya mong kinasama? Narito, kaniyang pahahanginan ang sebada ngayong gabi sa giikan." (Ruth 3:2)*** Sinabi ni Noemi kay Ruth

ngayon kung sino ang iminungkahing lalaki, si Booz, kung saan nagtatrabaho si Ruth kasama ng kanyang aliping babae sa bukid sa pamumulot ng sebada at ng epa. Si Booz patungkol sa paghahanda para sa makaDiyos na pag-aasawa, ay isang mananampalataya na kilala ang Diyos at ang Kanyang Salita. Na masunurin sa Diyos at sa Kanyang Salita. Siya ay binata. Paano natin malalaman na siya ay binata? Siya ay nabubuhay sa bukid at walang pamilya. Siya ay nasa hustong gulang, mahusay sa gawain, sa materyal ay mayroong bukirin at trabaho at magaling magbalik, na kaya niyang kumuha at maglaan para sa pamilya, sa karagdagan siya ay ganap na, isang lalaking responsable, natatakot sa Diyos, at siya ay tinawag ng Diyos upang pakasalan ang balo, si Ruth, batay sa Banal na Kasulatan upang tuparin ang layunin na huwag hayaang mawala sa Israel ang pangalan nang namatay gaya ng mababasa natin dito. ***"5 Kung ang magkapatid ay tumahang magkasama, at isa sa kanila'y mamatay, at walang anak, ang asawa ng patay ay huwag magaasawa ng iba sa labas: ang kapatid ng kaniyang asawa ay sisiping sa kaniya, at kukunin siya niyang asawa, at tutuparin sa kaniya ang tungkulin ng pagkakapatid ng asawa.6 At mangyayari, na ang panganay na kaniyang ipanganganak ay hahalili sa pangalan ng kaniyang kapatid na namatay, upang ang kaniyang pangalan ay huwag mapawi sa Israel." (Deutronomio 25:5-6)***

Si Booz ay masigasig na tao na iniibig ang kanyang gawain; siya ay nagtatrabaho at namumuhay sa kanyang bukirin. Siya ay kamag-anak ng pamilya ni Noemi. Kaya siya ang lalaki na inihanda ng Diyos upang pakasalan si Ruth, ang balo. Makikita mo dito sa paghahanda para sa makaDiyos na pag-aasawa alinman para sa lalaki o sa babae ay ang pagsasa-ayos ng Diyos, ang pangunguna ng Banal na Espíritu at ang upang matupad ang Banal na Kasulatan.

***"3 Maligo ka nga, at magpahid ka ng langis, at magbihis ka at bumaba ka sa giikan: nguni't huwag kang pakilala sa lalake, hanggang siya'y makakain at makainom." (Ruth 3:3)*** Sinabi ni Noemi sa kanya kung paano lalapitan ang lalaki. Pinaligo niya ito para maalis ang dumi, masamang amoy at pawis sa katawan. Tayo ay naliligo upang linisin ang ating mga katawan mula sa pawis at amoy at sa himayhimay ng balat. Hiniling niya sa kanya na magbihis nang disente dahil nakasuot siya ng balabal dahil maari nating mapagtanto mula dito***. "At kaniyang sinabi, Dalhin mo rito ang balabal na nasa ibabaw mo at hawakan; at hinawakan niya; at siya'y tumakal ng anim na takal na sebada, at isinunong sa kaniya; at siya'y pumasok sa bayan." (Ruth 3:15)***

Sinabi ni Neomi kay Ruth na pahiran niya ang kanyang sarili upang anyayahan ang Banal na Espiritu at ng presenya ng Diyos sa sitwasyon. Ang langis upang ipahid ay kinuha mula sa olibo gaya ng mababasa natin sa palatandaan niyon sa Deutronomio. ***"Magkakaroon ka ng mga puno ng olibo sa lahat ng iyong mga hangganan, nguni't hindi ka magpapahid ng langis; sapagka't ang iyong olibo ay malalagasan ng buko." (Deutronomio 28:40)*** Ito ay hindi isang pabango gaya sa mga inilalagay ng kababaihan sa ngayon at ang amoy nito ay humahalimuyak na nagbibigay pang-aakit sa mga lalaki. Ito ay langis ng olibo, at ito'y walang amoy na humahalimuyak sapagkat hindi naamoy ni Booz habang siya ay nasa lapag sa lugar na siya ay nagtatrabaho.

Sa kabaligtaran ng disenteng langis ng olibo na hiniling kay Ruth upang anyayahan ang Banal na Espiritu at tanggapin ang kapayapaan at kaaliwan ng Diyos, mababasa natin ang tungkol sa pabango na inilagay ng patutot sa kanyang higaan nang siya ay pumunta upang makipagtagpo sa lalaki. ***"At aking pinabanguhan ang aking higaan ng mira, mga oleo, at sinamomo." (Kawikaan 7:17)*** Ang malawak na pagkalat ng pabango ay upang kunin ang atensyon ng mga tao. Ang langis ng olibo na ipinahid ni Ruth sa kanyang sarili ay hindi nakakuha ng pansin ni Booz.

Ang tagubilin na ibinigay ni Neomi kay Ruth ay hindi upang ipakita ang kanyang sarili sa lalaki dahil hindi niya siya aaliwin o pahintulutan siya na mapasa lapag, kundi upang hayaan siyang maunang kumain at uminom. Malamang dahil siya nagtatrabaho nang masikap at sa gabi ay oras upang kumain at uminom, at magpahinga sa pagtulog. Kung si Ruth ay naglagay ng pabango gaya ng mga babae sa ngayon sila'y naglalagay ng pabango upang mapansin ng iba. Si Booz ay maakit sa pabango. * Ang langis ay upang ipahid upang dalhin ang presensya ng Diyos sa kalagayan at sa partikular na pagpupulong na iyon.

***"4 At mangyayari, paghiga niya, na iyong tatandaan ang dakong kaniyang hihigaan, at ikaw ay papasok, at iyong alisan ng takip ang kaniyang mga paa, at mahiga ka; at sasabihin niya sa iyo kung ano ang iyong gagawin." (Ruth 3 :4)*** Ang ipinayo ni Noemi kay Ruth na gawin, ay hindi natin magagamit ito gaya ng paraan na maari nating ilapat upang dalhin ang lalaki at babae upang mag-asawa. Iyon ay hindi normal at ang gawi sa panahong iyon, ngunit malamang ang itinuro ni Noemi kay Ruth ay tinanggap niya mula sa Panginoon. Sinabi ni Noemi sa kanya na hayaang ang lalaki ay makatulog, at tandaan ang lugar ng kanyang hihigaan, alisin ang takip ng kanyang mga paa at mahiga, at maghintay doon hnaggang sabihin niya sa kanya kung anong gagawin. Ito ay katulad, na dapat siyang magbigay ng direktang pahayag sa isyu ng pag-aasawa at kinakailangan niyang tumugon dito dahil sinabi niya sa kanya. ***"at sasabihin niya sa iyo kung ano ang iyong gagawin."***

***"5 At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng iyong sinasabi sa akin ay aking gagawin." (Ruth 3:5)*** Si Ruth ay masunurin sa kanyang biyenang babae, at kahit sa ganoong kahilingan sa kanya siya ay sumunod at sinabi na

gagawin niya ang lahat ng sinabi ng kanyang biyenang babae sa kanya. Hindi lamang iyon sumasalamin sa kababaang-loob ni Ruth at pagsunod, kundi ang kanyang tiwala sa kanyang biyenang babae na hindi niya hihilingin sa kanya na gawin ang anuman maliban kung siya ay tiyak at maliban kung siya ay pinangunahan ng Diyos at ng Kanyang Salita. Naalala ni Ruth ang sinabi ng kanyang biyenan pabalik sa Bethlehem na hindi siya nangako na maari niyang ayusin ang para sa kanyang pag-aasawa, ngunit ngayon ay nakikipag-usap siya sa kanya kung paano ito gagawin, at hindi gagawin iyon ni Noemi maliban kung siya ay nakatitiyak na ito ay nanggaling sa Diyos. Makikita mo ang napakagandang pag-uugali ni Ruth kasama ng kanyang byenan si Noemi, kung paano siya nagtiwla at nakinig nang mabuti at sumunod sa lahat ng kanyang mga tagubilin sa kanya. Napakagang pag-uugali na ang kabataan ay makikinig at susunod sa mga matatanda na namumuno sa kanila sa Panginoon, at sa ganoong paraan ang mga bagay ay magiging mas mabuti at lahat ay mahuhulog sa dako gaya ng itinalaga ng Diyos.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Suriin ang iyong sarili ngayon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na ito:

- Ikaw ba ay tumutugon sa tawag ng Diyos at sumunod?
- Ikaw ba ay nabubuhay sa plano ng Diyos na itinalaga niya sa iyo upang isapamuhay?
- Ikaw ba ay nagtatrabaho sa kung saan nais ng Diyos na ikaw ay magtrabaho?
- Ikaw ba ay nag-aaral kung saan itinalaga ng Diyos para sa iyo ay mag-aral?
- Ikaw ba ay namumuhay kasama ng mga taong itinalaga ng Diyos para sa iyo na mamuhay?
- Isinasangkot mo ba ang iyong buhay sa trabaho at sa paggawa ng iyong takdang-gawain at ang gawaing ipinagkatiwala sa iyo, o ikaw ay nagsasayang ng iyong oras sa mga kaibigan, pagtitipon, at sa Social Media?
- Nakikita mo ba ang mabubuting bagay sa plano ng Diyos at kung saan siya naglalaan ng mabuti para sa iyo?
- Pinahahalagahan mo ba ang maraming tao na inilagay sa iyo ng Diyos, at kung sino ang gumagabay sa iyo sa kanilang maka-Diyos na mga payo?
- Ikaw ba ay nagsusumikap at iniibig ang gawaing ibinigay sa iyo ng Diyos?
- Ikaw ba ay nagpapakumbaba sa pangunguna ng Banal na Espíritu, at masigasig na nagtatrabaho kasama ng Diyos upang matupad ang Kasulatan?
- Mas gusto mo bang mapuspus at pahiran ng Banal na Espiritu para dalhin ang presenya ng Diyos sa iyong buhay, o may pabango at kasiyahan sa make-up?
- Ikaw ba ay masunurin sa mga nakatatanda sa iyo, nakikinig at sumusunod sa kanilang mga tagubilin na nagmumula sa Banal na Espiritu at sa Salita ng Diyos?

Habang ikaw ay nagtitiis kasama ng Diyos, sa gayon pagpapalain ka at gagantimpalaan ka Niya para sa iyong katapatan.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos, Ako'y lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa iyong patuturo na aking tinanggap sa mensaheng ito.*

*Hilinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa lahat ng iyong mga kasalanan, lalo na sa paggawa ng iyong pansariling plano at kalooban, hindi handang mangako sa tawag ng Diyos, kawalan ng paggalang sa matatanda, walang inggat na gawin ang iyong pananagutan patungo sa iba, ayaw magtrabaho nang masigasig, ang iyong kawalan ng pangangasiwa sa iyong oras, walang pagpapakumbaba sa pangunguna ng Banal na Espiritu at sa maka-Diyos na mga payo ng matatanda.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa katuruan na aking tinanggap mula sa iyong Salita sa mensaheng ito upang gawin at isagawa ito sa aking buhay. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa iyong pagtawag sa aking buhay at sa plano na inihanda mo para sa akin upang pagdaanan. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na mabuhay sa lugar na nais mo na ako mamuhay at magtrabaho sa uri ng trabaho na nais mo akong magtrabaho. Panginoon salamat sa mga taong inilagay mo sa tabi ko upang gabayan ako ng iyong Salita at ng iyong mabuting plano para sa akin. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na makinig sa mga tagubilin ng matatanda at ng iyong simbahan na nagmula sa iyong Salita. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili upang ipakita ang bunga ng Banal an Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, kanihunan, pagpipigil sa sarili, pagtitiyaga, kaamuhan, kabutihan, mahabang pagtitiis, at lahat ng mga bunga na makikita ng iba si Jesus sa aking buhay. Panginoon puspusin mo ako ng Banal na Espiritu sapagkat ako'y nalulugod sa iyong presensya sa aking buhay.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilang sarili sa mga simulain ng mensahe na kanilang tinanggap mula sa iyo. Panginoon pagpalain sila, aliwin sila, at bigyan sila ng kapayapaan. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at gabayan sila unti-unti upang ang iyong plano para sa kanila ay matupad sa kanilang buhay.*

*Panginoon ako'y nanalangain na tulungan mo kami bilang isang simbahan upang isakatuparan ang iyong Salita at turo na aming natanggap sa mensaheng ito. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu upang magpatuloy at makapagebanghelyo at makagawa ng bagong mga alagad at tapusin ang gawain na iyong itinalaga para sa amin. Panginoon tuparin ang iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyo'. Panginoon tulungan kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Pagninilay sa aklat ng Ruth Yugto 9. Ruth 3:1-5. Deutronomio 25:5-6, 15. Deutronomio 28:40. Kawikaan 7:17.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.